
ISSN 2546-1079 (Online)
ISSN 2546-1060 (Print)

# KAWÍNG

TOMO 1 BILANG 1 * HULYO 2017



ISSN 2546-1079 (Online)
ISSN 2546-1060 (Print)

# KAWÍNG

TOMO 1 BILANG 1 * HULYO 2017

Ang *Kawíng* ay refereed na journal sa Filipino ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino, Ink. (PSLLF). Inililimbag ito nang dalawang beses isang taon (tuwing Hulyo at Disyembre). Pangunahing layunin ng journal na maitaguyod ang intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larangan at maipalaganap ang mga bagong likhang panitikan ng mga manunulat sa wikang Filipino. Tumatanggap ito ng mga artikulo/saliksik, rebyu, sanaysay, tula atbp. sa wikang Filipino.

Karapatang-ari ng PSLLF at ng mga may-akda.

Inilathala ng PSLLF sa Maynila, Pilipinas.
www.psllf.org

## MGA EDITOR

**Punong Editor**

**Aurora E. Batnag**
Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF)

**Mga Tagapamahalang Editor**

**Crizel Sicat-De Laza**
University of Santo Tomas

**Jonathan Vergara Geronimo**
University of Santo Tomas

**LUPON NG MGA EDITOR**

**E. San Juan, Jr.**
Polytechnic University of the Philippines

**Fanny A. Garcia**
De La Salle University-Manila

**Francis A. Gealogo**
Ateneo de Manila University

**German V. Gervacio**
Mindanao State University-Iligan Institute of Technology

**Isaac Donoso Jiménez**
University of Alicante, Spain

**Janet Hope C. Tauro-Batuigas**
Ministry of Social Development, New Zealand

**Leticia C. Pagkalinawan**
University of Hawaii at Manoa, USA

**Malu Santiago-Agustin**
Philippine Normal University

**Melania Abad-Flores**
University of the Philippines-Diliman

**Pacifico Eric E. Calderon**
San Beda College-Manila

**Ramon G. Guillermo**
University of the Philippines-Diliman

**Rommel B. Rodriguez**
University of the Philippines-Diliman

**Victor Rey Fumar**
Philippine Normal University

# Kawíng (Tomo 1 Bilang 1) 2017

## Mga Nilalaman

**MULA SA PUNONG EDITOR**
**Aurora E. Batnag**

**MGA ARTIKULO**

Kontra-Modernidad:
Pakikipagsapalaran sa Pagtuklas ng Sarili Nating Mapagpalayang Kabihasnan
*(Counter-Modernity: Quest Towards Discovering Our Emancipatory Culture)*------- 1-25
**E. San Juan, Jr.**

Meteor Garden Rewind: Pagsipat sa Fenomenon, Estilo, at Konteksto ng Saling Pantelebisyon *(Meteor Garden Rewind: Analysis of Phenomenon, Style, and Context of Televisual Translation)*---------------------------------------------- 26-41
**Raquel E. Sison-Buban**

Kasaysayan ng Anime, Ang Pagpasok Nito sa Pilipinas, at Ilang Tekstwal na Pagsusuri sa Proseso ng Dubbing Nito *(Anime's History, its Entry into the Philippines, and Preliminary Textual Analysis of its Dubbing Process)*-------------------------------- 42-60
**Ramilito B. Correa**

Pagbuo ng Makabuluhang Adyenda sa Pananaliksik sa Araling Pilipinas Para sa Siglo 21 at Lagpas Pa *(Crafting a Meaningful Research Agenda for Philippine Studies in the 21st Century and Beyond)*------------------------------------------------------------- 61-84
**David Michael M. San Juan**

Pagtuturo ng Filipino sa mga Banyaga Tungo sa Pagpapahalagang Pangkultura
*(Teaching Filipino to Foreigners Towards Cultural Appreciation)*----------------------- 85-93
**Dolores R. Taylan**

**PERSONAL NA SANAYSAY**

SALIN NG ISIP, BIGKAS NG BIBIG: Mga Karanasan ng Isang Interpreter-------- 94-100
**Leticia C. Pagkalinawan**

**MGA TULA**

BATA, BINARIL, BAKA PA MAGING
TERORISTA PAGLAKI -------------------------------------------------------------101
**Mark Angeles**

Ang Tatay ni Nanay -------------------------------------------------------------102-103
**Joel Costa Malabanan**

TIGIL-PASADA --------------------------------------------------------------------104-105
**Mark Anthony S. Salvador**

## MULA SA PUNONG EDITOR

Tampok sa unang isyung ito ng ***Kawíng*** ang limang artikulo/saliksik, isang personal na sanaysay, at tatlong tula na pawang interesante at makabuluhan sa konteksto ng mga mamamayan sa kapuluan.

Sa **Kontra-Modernidad: Pakikipagsapalaran sa Pagtuklas ng Sarili Nating Mapagpalayang Kabihasnan** ***(Counter-Modernity: Quest Towards Discovering Our Emancipatory Culture)*** ni **E. San Juan, Jr.** ay malalim na tinutuklas ang mapagpalayang kultura ng Pilipinas sa iba't ibang akdang pampanitikan mula sa panahon ng kolonyalismo hanggang panahong kontemporanyo. Malinaw sa artikulo ni San Juan ang mahigpit na ugnayan ng politika at panitikan sa bansa, alinsunod sa tradisyong progresibo at nasyonalista.

Sinisipat naman ni **Raquel E. Sison-Buban** sa **Meteor Garden Rewind: Pagsipat sa Fenomenon, Estilo, at Konteksto ng Saling Pantelebisyon** ***(Meteor Garden Rewind: Analysis of Phenomenon, Style, and Context of Televisual Translation)*** ang larangan ng pagsasaling pantelebisyon, partikular sa panahon ng mga popular na telenobelang Asyano mula mga huling taon ng dekada 90 hanggang sa mga unang taon ng bagong milenyo.

Kulturang popular, anime, at proseso ng dubbing naman ang paksa ng **Kasaysayan ng Anime, Ang Pagpasok Nito sa Pilipinas, at Ilang Tekstwal na Pagsusuri sa Proseso ng Dubbing Nito** ***(Anime's History, its Entry into the Philippines, and Preliminary Textual Analysis of its Dubbing Process)*** ni **Ramilito B. Correa.** Mainam na introduksyon ito sa larangan ng anime at dubbing sa Pilipinas, bagay na lalong nagiging malawak sa mga nakaraang taon dahil sa patuloy na popularidad ng mga panooring mula sa ibang bansa.

Samantala, masaklaw na inilalahad naman ni **David Michael M. San Juan** sa **Pagbuo ng Makabuluhang Adyenda sa Pananaliksik sa Araling Pilipinas Para sa Siglo 21 at Lagpas Pa** ***(Crafting a Meaningful Research Agenda for Philippine Studies in the 21st Century and Beyond)*** ang mga pananaliksik na maaaring gamiting padron sa larangan ng Araling Pilipinas tungo sa pagsagot sa mga tanong na akma sa at paglutas sa mga problema ng lipunan sa siglo 21.

Hitik naman ang **Pagtuturo ng Filipino sa mga Banyaga Tungo sa Pagpapahalagang Pangkultura** ***(Teaching Filipino to Foreigners Towards Cultural Appreciation)*** ni **Dolores R. Taylan** sa konseptwalisasyon ng pagtuturo ng Filipino sa

mga banyaga nang isinasaalang-alang ang pagpapahalaga sa kultura, lagpas sa paglinang lamang ng mga makrong kasanayan.

Interesante rin ang mga akdang pampanitikan na nasa isyung ito ng journal ng PSLLF. Ang **SALIN NG ISIP, BIGKAS NG BIBIG: Mga Karanasan ng Isang Interpreter** ay personal na sanaysay ni **Leticia C. Pagkalinawan** hinggil sa isang trabaho na hitik sa kwento ng araw-araw na pakikipagsapalaran. Ang tulang **BATA, BINARIL, BAKA PA MAGING TERORISTA PAGLAKI** ni **Mark Angeles** ay isinulat naman bilang reaksyon sa mga nangyayari sa bansa sa kasalukuyan, sa estilong balita at may komentaryong panlipunan. Kombinasyon ng personal at panlipunan naman ang **Ang Tatay ni Nanay** na alay ni **Joel Costa Malabanan** sa kanyang maternal na lolo na tumayong kanyang ama. Ang **TIGIL-PASADA** naman ni **Mark Anthony S. Salvador** ay napapanahong tula hinggil sa plano ng gobyerno na i-phase out ang mga dyip sa bansa (nababalita ngunit hindi masyadong pinapansin ng nakararami).

Umaasa ang patnugutan ng ***Kawíng*** na higit na mas maraming artikulo at akdang pampanitikan ang mailalathala sa mga susunod pang isyu. Ambag sa intelektwalisasyon ng wikang pambansa ang bawat isyu ng ***Kawíng.*** Patuloy nating isulong ang intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa pananaliksik sa iba't ibang larangan at ang pagpapahalaga sa sariling panitikan.

- **Aurora E. Batnag**